
186
3

التـــوبـــة ـ تجالوج

# Ang Pagbablik - loob



المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالبديعة

# التوبة

## أعده وترجمه إلى اللغة الفلبينية

## شعبة توعية الجاليات بالزلفي

ح المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالبديعة، ١٤٢٨هـ

*فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر*

شعبة توعية الجاليات في الزلفي

التوبة.-الرياض، ١٤٢٨هـ

٣٦ ص ، ١٢ × ١٧ سم

ردمك : ٨-٩٨-٧٩٩-٩٩٦٠-٩٧٨

(النص باللغة الفلبينية)

١ – التوبة أ– العنوان

ديوي ٢٤٠ ١٤٢٨/٦٣٢١

رقم الإيداع : ١٤٢٨/٦٣٢١

ردمك : ٨-٩٨-٧٩٩-٩٩٦٠-٩٧٨

الصف والإخراج: شعبة توعية الجاليات بالزلفي

## محتويات الكتاب


١. فضل التوبة
٢. شروط التوبة
٣. من أنواع التوبة
٤. التوبة الصادقة
٥. أمور معينة على التوبة
٦. مكفرات الذنوب
٧. أسئلة وأجوبة


## Mga Nilalaman


1. Ang Kainaman ng Pagbabalik-loob ..................... 5
2. Ang mga Kundisyon sa Pagbabalik-loob ............ 13
3. Ilan sa mga Uri ng Pagbabalik-loob .................. 15
4. Ang Tapat na Pagbabalik-loob .......................... 17
5. Mga Bagay na Nakatutulong sa Pagbabalik- loob ................................................. 19
6. Ang mga Pambayad sa Pagkakasala .................. 22
7. Mga Tanong at mga Sagot ................................. 25

# التوبة
# Ang Pagbabalik-loob

﴿ومن يعمل سوء أو يظلم نفسه ثم يستغفر الله يجد الله غفورا رحيما﴾ (النساء: ١١٠)

**"Ang sinumang gumagawa ng kasamaan o lumabag sa katarungan sa sarili niya, pagkatapos ay hihingi siya ng tawad kay Allah, matatagpuan niya na si Allah ay Mapagpatawad, Maawain."** Qur'an 4:110

## Ang Kainaman ng Pagbabalik-loob

Ang papuri ay ukol kay Allah at ang pagbabati at ang pagpapala ay ukol sa Sugo ni Allah, sa mag-anak niya at lahat ng Kasamahan niya.

May isang lalaki na pumunta kay Ibrahim ibnu Ad'ham, kaawaan siya ni Allah, at nagsabi: "Tunay na ako ay isang lalaking nagmamalabis sa sarili ko sa pamamamagitan [ng paggawa] ng mga pagkakasala kaya pangaralan mo ako." Nagsabi si Ibrahim: "Kung tatanggapin mo mula sa akin ang limang payo at kakayanin mo ang mga ito, hindi ka mapipinsala ng pagsuway [mo kay Allah] kailanman." Kaya nagsabi ang lalaki: "At ano ang mga ito?"

Nagsabi si Ibrahim: "Kapag ninanais mo na suwayin si Allah ay huwag kang kumain mula sa biyaya Niya!"

Nagsabi ang lalaki: "Mula saan ako kakain, gayong ang lahat ng nasa lupa ay bahagi ng biyaya Niya?"

Nagsabi si Ibrahim: "Maganda bang kakain ka mula sa biyaya ni Allah at susuwayin mo Siya?"

Nagsabi ito: "Hindi. Ibigay mo ang ikalawa."

Nagsabi si Ibrahim: "Kapag ninanais mo na suwayin si Allah ay huwag kang tumira sa lupa Niya."

Nagsabi ito: "Ito ay higit na mabigat kaysa sa una, at saan naman ako titira?"

Nagsabi si Ibrahim: "Maganda bang kakain ka mula sa biyaya ni Allah at titira sa lupa Niya at susuwayin mo Siya?"

Nagsabi ito: "Hindi. Ibigay mo ang ikatlo."

Nagsabi si Ibrahim: "Kung ninanais mo na suwayin si Allah ay pumunta ka sa isang pook na hindi ka Niya makikita roon. "

Nagsabi ang lalaki: "Saan ako pupunta yamang si Allah ay nakababatid sa lihim at hayag?"

Nagsabi si Ibrahim: "Maganda bang kakain ka mula sa biyaya ni Allah at titira sa lupa Niya at susuwayin mo Siya gayong Siya ay nakakikita sa iyo?"

Nagsabi ang lalaki: "Hindi. Ibigay mo ang ikaapat."

Nagsabi si Ibrahim: "Kapag pumunta sa iyo ang anghel ng kamatayan upang kunin ang kaluluwa mo

ay sabihin mo sa kanya: Palugitan mo ako hanggang sa magbalik-loob ako at gumawa ako ng matuwid."

Nagsabi ang lalaki: "Hindi siya tatanggap [ng hiling] mula sa akin at hindi siya magpapalugit sa akin."

Nagsabi si Ibrahim: "Kapag hindi mo nakaya na itulak palayo sa iyo ang kamatayan upang magbalik-loob ka at manumbalik ka, papaano mong sinusuway Siya?"

Nagsabi ang lalaki: "Ibigay mo ang ikalima."

Nagsabi si Ibrahim: "Kapag pumunta sa iyo ang mga [anghel na] tagatanod sa Impiyerno sa araw ng Pagkabuhay upang dalhin ka nila sa apoy ay huwag kang sumama sa kanila."

Nagsabi ang lalaki: "Tunay na sila ay hindi mag-iiwan sa akin at hindi sila tatanggap [ng hiling] mula sa akin."

Nagsabi si Ibrahim: "Kaya papaano kang makaaasa na makaliligtas?"

Nagsabi ang lalaki: "Sapat na sa akin ito. Tunay na ako ay humihingi ng kapatawaran sa Panginoon ko at nagbabalik-loob sa kanya."

Ipinag-utos ni Allah sa lahat ng mananampalatayang lingkod Niya ang pagbabalik-loob. Sinabi Niya (24:31):

﴿وتوبوا إلى الله جميعا أيها المؤمنون لعلكم تفلحون﴾ (النور: ٣١)

**"Magbalik-loob kayong lahat kay Allah, o mga Mananampalataya, nang harinawa kayo ay magtagumpay."**

Hinati Niya ang mga tao sa dalawang pangkat: nagbabalik-loob at lumalabag sa katarungan sa sarili niya. Sinabi Niya (49:11):

﴿ومن لم يتب فأولئك هم الظالمون﴾ (الحجرات: ١١)

**"Ang sinumang hindi nagbabalik-loob, ang mga iyon ay ang mga lumalabag sa katarungan."**

Ang pangangailangan ng tao sa pagbabalik-loob ay palagihan yayamang ang bawat anak ni Adan ay nagkakamali, at ang pinakainam sa mga nagkakamali ay ang mga nagbabalik-loob kay Allah, gaya nga ng sinabi ng Sugo (SAS).

Tunay na ang kamalian na kinasadlakan ng marami sa mga tao ay ang pagwawalang-bahala sa ilan sa mga pagsuway. Sila ay sumusuway kay Allah sa gabi at araw. Mayroon sa kanila na nagmamaliit sa pagsuway, nagwawalang-bahala rito at hindi nagbibigay pansin dito. Nagsabi si Ibnu Mas'ūd (RA): "Tunay na ang mananampalataya ay nagtuturing sa mga pagkakasala niya na para bagang siya ay nakaupo sa paanan ng bundok na pinangangambahan niyang bumagsak ito sa kanya. Tunay na ang masamang-loob ay nagtuturing sa kanyang mga pagkakasala na para bagang langaw

na dumaan sa ilong niya at itinaboy niya ito palayo sa kanya."

Tunay na ang mananampalatayang matalino ay hindi tumitingin sa kaliitan ng pagsuway subalit tinitingnan niya ang kadakilaan ng sinuway niya (na si Allah). Yayamang ang tao ay hindi napangalagaan laban sa kasalanan, kaya naman binuksan ni Allah para sa mga lingkod Niya ang pinto ng pagbabalik-loob at ipinag-utos din Niya ang pagbabalik-loob. Nagsabi si Allah (39:53):

﴿قل يا عبادي الذين أسرفوا على أنفسهم لا تقنطوا من رحمة الله إن الله يغفر الذنوب جميعا إنه هو الغفور الرحيم﴾ (الزمر: ٥٣)

**"O Aking mga lingkod na nagmalabis laban sa mga sarili nila, huwag kayong mawalan ng pag-asa sa awa ni Allah; pinatatawad ni Allah ang lahat ng mga pagkakasala. Tunay na Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain."**

Nagsabi naman ang Sugo (SAS):

التائب من الذنب كمن لا ذنب له

***"Ang nagbabalik-loob mula sa pagkakasala ay gaya ng isang walang pagkakasala."*** (Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah)

Hindi lamang ito, kapag naging tapat ang pagbabalik-loob, papalitan ni Allah ang mga masamang nagawa ng magandang gawa. Nagsabi si Allah (25:70):

﴿إلا من تاب وآمن وعمل عملا صالحا فأولئك يبدل الله سيئاتهم حسنات وكان الله غفورا رحيما﴾ (الفرقان: ٧٠)

**"Maliban sa mga nagbalik-loob, sumampalataya at gumawa ng gawang matuwid sapagkat ang mga iyon ay papalitan ni Allah ang mga masamang nagawa nila ng magandang gawa. Si Allah ay laging Mapagpatawad, Maawain."**

Tunay na kabilang sa pinakamabigat sa nagagawang mga kamalian ng isang Muslim ay ang pagpapaliban sa pagbabalik-loob. Mayroon sa mga tao na nakatatalos sa kanyang kamalian at nalalaman niya ang pagiging bawal ng gawang nagawa niya subalit ipinagpapaliban niya ang pagbabalik-loob. Ang tao ay hindi nakaaalam kung kailan siya dadatnang ng taning ng buhay. Dahil dito, kinakailangan sa tao na magmadali sa pagbabalik-loob kay Allah mula sa mga pagkakasala.

Tungkulin din ng isang tao na dalasan ang paghingi ng kapatawaran sa lahat ng pagkakasala niya—ang nalaman niya sa mga ito at ang hind niya nalaman. Tungkulin ng isang Muslim na madaliin ang pagbabalik-loob kay Allah mula sa mga pagkakasala niya maging gaano man kabigat ito at tungkulin niya ring malaman na walang kawalang-pananampalataya na higit pang mabigat kaysa sa pag-aangkin sa Pagkapanginoon [na ukol kay Allah lamang].

Nabanggit sa Qur'an (28:38) na si Paraon ay nagsabi sa mga kababayan niya:

﴿يا أيها الملأ ما علمت لكم من إله غيري﴾ (القصص:٣٨)

**"O mga maharlika, hindi ko nalamang kayo ay may diyos na iba pa sa akin."**

Sa kabila nito ay isinugo pa ni Allah sa Kanya si Moises upang anyayahan siya sa pagsisisi, pagbabalik-loob kay Allah at pananampalataya kay Allah. Nagsabi si Allah (79:17-19) kay Moises:

﴿اذهب إلى فرعون إنه طغى فقل هل لك إلى أن تزكى وأهديك إلى ربك فتخشى﴾ (النازعات:١٧-١٩)

**"Pumunta ka kay Paraon; tunay na siya ay nagmalabis. At sabihin mo sa kanya: "Ibig mo ba na magpakalinis sa kasalanan at akin kang patnubayan tungo sa Panginoon mo upang matakot ka *sa Kanya*?"**

Kung sakaling si Paraon ay tumugon at nagbalik-loob, talagang pinatawad sana siya ni Allah.

Dapat mo ring malaman na ang sinumang nagbalik-loob mula sa pagkakasala at pagkatapos nanumbalik uli sa pagkakasala, tunay na tungkulin niya na muling magbalik-loob at na tungkulin niyang ipagpatuloy na ulit-ulitin ang pagbabalik-loob maging ilang ulit mang naulit sa kanya ang pagkakasalang iyon at ang iba pang pagkakasala.

Huwag siyang mawalan ng pag-asa sa awa ni Allah Mayroon sa mga tao na nawawalan ng pag-asa sa awa ni Allah. Iyon ay dahil din sa dami ng mga pagkakasala nito at mga pagsuway nito, o na ito ay nagbalik-loob na nang isa o higit pa at pagkatapos nanumbulik muli sa pagkakasala at inaakala niyang si Allah ay hindi magpapatawad sa kanya kaya nagpapatuloy na siya sa pagkakasala, at nagpapabaya sa pagbabalik-loob at panunumbalik kay Allah. Ito ay isa sa pinakamabigat sa mga kamalian sapagkat walang nawawalan ng pag-asa sa awa ni Allah kundi ang mga taong tumatangging sumampalataya.

Tunay na mayroon sa mga tao na nagpapabaya sa pagbabalik-loob mula sa ilang uri ng mga pagsuway dahil sa takot sa sasabihin ng mga tao o dahil sa takot na maiwala niya, dahil sa pagbabalik-loob niya, ang kalagayan niya sa lipunan na pinaninirahan niya o ang gawaing pinagtatrabahuhan. Nakakalimutan niya na siya ay mag-isang pupunta sa libingan niya, haharap sa Panginoon niya at tatanungin sa mga nagawa niya. Hindi makatutulong sa kanya si ganito at si gayon na kabilang sa mga sumasagabal sa kanya sa pagbabalik-loob at humahalina sa paningin niya sa mga pagsuway. Tungkulin ng tao na pakatandaan na ang sinumang mag-iwan ng isang bagay alang-alang kay Allah, tutumbasan siya ni Allah nang mainam kaysa sa iniwan niya.

Tunay na mayroon sa mga tao na nagpapatuloy sa pagkakasala. Kapag pinagbawalan siya laban doon ay nagsasabi siyang tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Maawain naman. Walang pagsala na ito ay isang kamangmangan, isang kahangalan at isang panliligaw ni Satanas sa ilang tao dahil tunay na ang awa ni Allah ay para sa mga gumagawa ng mabuti hindi para sa mga gumagawa ng masama na nagpapatuloy sa pagkakasala. Tunay na si Allah, sa kabila ng pagpapaumanhin Niya at awa Niya, ay matinding magparusa gaya ng sinabi Niya (15:49-50):

﴿نبئ عبادي أني أنا الغفور الرحيم وأن عذابي هو العذاب الأليم﴾ (الحجر: ٤٩-٥٠)

**"Ibalita mo sa mga lingkod Ko na Ako ay ang Mapagpatawad, ang Maawain, at na ang Aking pagpaparusa ay ang pagdurusang masakit."**

## Ang mga Kundisyon sa Pagbabalik-loob

Tunay na ang tapat na pagbabalik-loob ay may mga kundisyon na hinango ng mga pantas ng Islam mula sa mga talata ng Qur'an at sa mga Hadīth. Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang kaagad na pagkalas sa pagkakasala,
2. Ang pagsisisi sa nagdaang mga pagkakasala,
3. Ang pagtitika (matibay na pagpapasya) na hindi na muling magbabalik sa pagkakasala,

4. Ang pagsasauli sa mga karapatan ng mga nagawan niya ng kawalang katarungan, o na hihingi sa kanila ng paumanhin. Nagsabi ang Sugo (SAS):

**من كان عنده مظلمة لأخيه من عرض أو شيء فليتحلله منه اليوم من قبل أن لا يكون دينار ولادرهم، إن كان له عمل صالح أخذ منه بقدر مظلمته، وإن لم يكن له حسنات أخذ من سيئات صاحبه فحمل عليه.**

***"Ang sinumang may kawalang-katarungan na nagawa sa kapatid niya [sa pananampalataya] sa karangalan o isang bagay ay humingi na siya ng paumanhin ngayon, bago mangyaring wala nang dinar ni dirham [na ipambabayad] kundi ang mga ginawang maganda at ang mga ginawang masagwa."*** (Isinalaysay ito ni Imām al-Bukhārī.)

Subalit ang sinumang hindi makakayang magsauli ng mga karapatan ng ginawan ng kawalang katarungan matapos gawin ang pagsisikap ay makaaasa siya sa pagpapaumanhin ni Allah.

Ang ilan sa mga karapatan ay ang sumusunod:

1. Ang mga karapatang pang-ari-arian. Sa pamamagitan ito ng pagsasauli (o pagbabayad) sa may-ari nito sa anumang paraan o paghingi ng paumanhin doon. Kung hindi niya nakikilala ang may-ari nito, o hinanap niya iyon ngunit hindi niya nakita, o nakalimutan niya ang halaga ng kinuha niya mula roon, siya ay magsasagawa ng pagtataya sa halaga nito at magkakawanggawa ng katumbas na halaga para sa taong iyon.

2. Ang mga karapatan sa kabayaran sa kapinsalaang nagawa sa katawan. Magagawa ang pagbabalik-loob sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa nalabagan ng karapatan na makakuha ng bayad pinsala sa karapatan nito sa pamamagitan ng salapi o kaukulang kabayaran. Maaari ring pagpaumanhinan siya nito. Kung hindi kilala ang nalabagan ng karapatan, magkakawanggawa para sa kanya at idadalangin siya.
3. Ang mga paglabag sa karapatan kaugnay sa mga karangalan. Ang paglapag sa karapatang ito ay maaaring panlilibak o maling paratang o pagkakalat ng paninirang puri o paninira sa mabuting ugnayan. Hihingi siya ng paumanhin sa nagawan niya ng masama, itutuwid niya ang nasira sa abot ng makakaya at idadalangin niya rin ito.

## Ilan sa mga Uri ng Pagbabalik-loob

1. Ang pagbabalik-loob ng pumatay. Ang pumatay nang sadya ay may tungkuling tugunin ang tatlong karapatan:

A. Ang karapatan ni Allah. Ang pagtugon dito ay sa pamamagitan ng matapat na pagbabalik-loob at pagsisisi sa mabigat na krimen na iyon.

B. Ang karapatan ng mga tagapagmana ng napatay. Ang pagtugon dito ay sa pamamagitan ng pagsuko ng sarili sa awtoridad upang makamit nila ang

kabayaran sa karapatan nilang nilabag, na maaaring sa pamamagitan ng hatol ng hukuman o pagbibigay ng bayad-pinsala. Maaari rin nilang patawarin siya nang walang kapalit.

c. Ang karapatan ng napatay. Hindi ito maaaring matugon sa mundo. Kung magiging maganda ang pagbabalik-loob ng pumatay at isinuko niya ang sarili nila alang-alang sa mag-anak ng napatay, tunay na si Allah ay mag-aalis sa kanya ng salang pagpatay at tutumbasan naman Niya ang napatay ng biyayang mula sa Kanya sa Araw ng Pagkabuhay.

2. Ang pagbabalik-loob ng nagpapatubo o kumikita sa ribā.[1] Sa pamamagitan ito ng pagtigil sa ribā, pagtitika

---

[1] Ang ribā ay ang pagpapatubo o patubo sa utang o sa deposito sa bangko. Ayon sa mga pantas ng Islam, ang salaping kinita sa pagpapautang ng pera kapalit ng isang takdang bahagdan na patubo o interes, gaya ng *five six*, at ang interes na ibinibigay ng bangko ay ribā. Ang pagtanggap at paggamit ng interes na ibinibigay ng bangko ay harām ayon sa mga pantas ng Islam. Subalit ano ang gagawin sa interes na ibinibigay ng bangko, yamang hindi maiiwasang mag-impok ng pera sa bangko yamang wala namang tunay na *Islamic Bank* sa Pilipinas? Sa isyu ng Magasin na *ar-Rābiṯah*, Septyembre 1995, ay nagsabi si Shaykh ʿAbdullāh ibnu Sulaymān ibni Manīʿ, kasapi ng Kapisanan ng mga Mataas na Pantas sa Kaharian ng Saudi Arabia:

"Kapag nag-impok ang isang Muslim ng salapi sa bangko sa layuning ipatago lamang ito at wala namang mapagkakatiwalaang institusyon para iimpok ang salaping ito bukod pa roon at nagbigay ang bangkong pang-ribā ng mga interes para sa pananatili ng impok, ipinahihintulot para sa nag-impok na kunin ang mga interes na ito at gugulin ang mga ito sa mga guguling pangkawanggawa para sa mga

na hindi manunumbalik doon at pagsisi sa nagdaang pagkakasangkot doon. Tungkol naman sa yaman na tinataglay ng nagpapatubo na nakamtan niya mula sa ribā ay nagkaiba ang hatol ng mga pantas ng Islam. Subalit itinututuring nina Ibnu Taymiyah, Ibnu Sa'dī at Ibnu 'Uthaymīn na may karapatan ang nagpapatubo sa tinataglay niyang yaman na nakamtan niya noon sa ribā bago siya nagbalik-loob. Hindi niya kinakailangan na alisin ito, ngunit hahayaan na niya ang anumang yamang makukuha pa sana niya mula sa ribā.

## Ang Tapat na Pagbabalik-loob

Upang ang pagbabalik-loob ay tanggap, kailangang ang pagbabalik-loob ay wagas na inuukol kay Allah. Samakatuwid hindi matatawag na nagbalik-loob ang sinumang tumigil sa pagkakasala dahil nakaaapekto ito sa reputasyon niya o kalagayan sa trabaho. Hindi matatawag na nagbalik-loob ang sinumang tumigil sa mga pagkakasala dahil sa pangamba sa kalusugan niya gaya ng tumigil sa pangangalunya dahil sa takot sa mga nakahahawang sakit at iba pa.

---

maralita at mga dukha para sa mga *facility*, na magagamit ng mga Muslim, na hindi nakasasapat sa kanila. Hindi ipinahihintulot para sa kanya na idagdag ito sa iba pang salapi niya, ni gawin ito na zakāh niyon, ni gugulin ito sa anumang maituturing na pansarili. [Ito ay] bilang pag-iingat para sa salapi niya [na baka mahaluan ng ribā], pagwawaksi nito, at paghahadlang sa kaaway na makinabang dito o gugulin ito sa ibang kaaway na makikinabang dito."

Hindi matatawag na nagbalik-loob ang sinumang tumigil sa pagnanakaw dahil hindi niya makayang magnakaw o natatakot sa tanod at iba pang dahilan. Hindi matatawag na nagbalik-loob ang sinumang tumigil sa pag-inom ng nakalalasing o gumagamit ng ipinagbabawal na mga gamot dahil namulubi na siya. Hindi rin matatawag na nagbalik-loob ang sinumang nawalan ng kakayahan, dahil sa bagay na labas sa kanya kagustuhan, sa paggawa ng pagsuway.

Kailangan ding madama ng isang nagbalik-loob ang kasagwaan ng pagkakasala. Ito ay nangangahulugan na ang tunay na pagbabalik-loob ay hindi maaaring mahaluan ng pagkadama ng sarap sa paggawa ng kasalanan at galak kapag naalaala ang mga nagdaang pagkakasala, at hindi rin maaaring mithiin ng nagbalik-loob ang magbalik doon sa hinaharap.

Kailangan ding alisin ang mga ipinagbabawal na bagay na tinataglay gaya halimbawa ng mga bagay na nakalalango (alak o bawal na gamot), mga kagamitan sa musika, ipinagbabawal na mga larawan at mga *video film* at gayon din ang paghiwalay sa mga kasamahan sa kasamaan na nakatutulong sa kanya sa paggawa ng mga pagsuway. Ang mga magkakasama sa kasamaan ay magpapalitan ng sumpa sa Araw ng Pagkabuhay.

Dahil doon tungkulin ng isang nagbalik-loob na makipaghiwalay sa kanila kung hindi niya makayang

anyayahan sila at ituwid sila. Maaaring udyukan ni Satanas ang ilan sa mga nagbalik-loob na balikan ang dating mga kasamahan sa kasamaan upang anyayahan sila sa pagbabalik-loob gayong siya ay mahina at hindi niya makakayang makaimpluwensiya sa kanila. Ito ay magiging isang dahilan sa panunumbalik niya sa mga pagkakasala. Tungkulin niyang pumili ng kapalit sa kanila na mabuting kasamahan na makatutulong sa kanya sa kabutihan at makapagtuturo sa kaniya rito.

## Mga Bagay na Nakatutulong sa Pagbabalik-loob

1. Ang katapatan kay Allah. Ito ay ang pinakakapaki-pakinabang sa mga pamamaraan ng pagtigil sa mga pagkakasala. Kapag naging tapat ang tao sa Panginoon niya at nagpakatotoo sa paghiling ng pagbabalik-loob, tutulungan siya ni Allah at ibabaling Niya palayo sa kanya ang anumang makasasagabal sa pagbabalik-loob.
2. Ang pagpipilit (pakikibaka laban) sa sarili. Kapag nakibaka ang tao laban sa sarili niya upang tigilan na ang mga pagsuway, tutulungan siya ni Allah. Nagsabi si Allah (29:69):

﴿والذين جاهدوا فينا لنهدينهم سبلنا وإن الله لمع المحسنين﴾(العنكبوت:٦٩)

**"Ang mga nakibaka alang-alang sa Amin ay talagang papatnubayan nga Namin sila sa mga**

**landas Namin. Tunay na si Allah ay talagang kasama ng mga gumagawa ng magaling."**

3. Ang pag-aalaala sa Kabilang-buhay. Kapag naaalaala ng isang tao ang iksi ng buhay sa mundo at ang bilis ng paglaho nito kasabay ng makakamtan sa Kabilang-buhay na sari-saring lugod para sa mga masunurin at matinding pagdurusa para sa mga masuwayin, tunay na iyan ay magiging isa sa pinakamalaking mga hadlang sa pagkakasadlak sa mga pagkakasala.

4. Ang pagkakaabala sa anumang napakikinabangan at ang pag-iwas sa pag-iisa at kawalan ng ginagawa dahil ang kawalan ng ginagawa ay isa sa pinakamahalaga sa mga dahilan ng pagkasadlak sa mga pagkakasala. Kaya kapag nagpakaabala ang isang tao sa anumang nakapagdudulot ng pakinabang sa kanya sa kanyang espirituwal at makamundong pamumuhay, hindi siya magkakaroon ng pagkakataon para sa katiwalian.

5. Ang paglalayo sa mga pampaantig at sa anumang maituturing na pagsuway. Samakatuwid, lalayuan ang lahat ng nakapupukaw sa mga nag-uudyok sa pagsuway, lalayuan ang lahat ng pumupukaw sa tawag ng laman niya gaya ng panunuod ng mga malaswang pelikula, pakikinig sa mga malaswang awitin, at pagbabasa ng mga masamang aklat at mga mahalay na magasin.

6. Ang pakikisalamuha sa mga mabuting tao at ang paglayo sa mga masamang tao. Ang pakikisalamuha

·sa mga mabuting tao ay nakatutulong sa kabutihan, nag-uudyok sa isang tao na tularan ang mga matuwid na tao at pumipigil sa katiwalian.

7. Ang panalangin. Ito ay isa sa napakabisang mga lunas. Ang panalangin ay sandata ng mga mananampalataya at ang isa sa napakalakas na mga pamamaraan na naipangtutugon sa mga pangangailangan. Nagsasabi si Allah (40:60):

﴿وقال ربكم ادعوني أستجب لكم﴾ (غافر:٦٠)

**"Nagsabi ang Panginoon ninyo: Dumalangin kayo sa Akin, tutugunin Ko kayo;"**

Nagsasabi pa Siya (7:55):

﴿ادعوا ربكم تضرعا وخفية﴾ (الأعراف:٥٥)

**"Manalangin kayo sa Panginoon ninyo nang may kababaang-loob at palihim."**

Nagsasabi rin Siya (2:186):

﴿وإذا سألك عبادي عني فإني قريب أجيب دعوة الداع إذا دعان فليستجيبوا لي وليؤمنوا بي لعلهم يرشدون﴾ (البقرة:١٨٦)

**"Kapag nagtanong sa iyo ang mga lingkod Ko hinggil sa Akin ay sabihin mo: Tunay na Ako ay malapit: tinutugon Ko ang panalangin ng nananalangin kapag nanalangin siya sa Akin; kaya dinggin nila Ako at sumampalataya sila sa Akin, nang harinawa sila ay magabayan."**

## Ang mga Pambayad sa Pagkakasala

Bahagi ng awa ni Allah sa Kanyang mga lingkod na ang iba sa ilan sa mga pagsambang isinatungkulin Niya sa Kanyang mga lingkod ay mga pambayad sa mga maliit na pagkakasala. Ang ilan sa mga pambayad sa pagkakasala ay ang sumusunod:

1. Ang limang pagdarasal. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):

**أرأيتم لو أن بباب أحدكم نهرا غمرا يغتسل فيه كل يوم خمس مرات هل يبقى من درنه شيء؟ قالوا: لا يا رسول الله. قال: كذلك الصلوات الخمس يمحو الله بهن الذنوب والخطايا.**

***"Sa tingin ba ninyo kung sa pinto ng isa sa inyo ay may isang ilog na masagana [na dumadaloy] na pinaliliguan niya limang ulit sa bawat araw, may matitira pa kayang anuman sa kanyang dumi?"*** Nagsabi sila: "Wala na po, o Sugo ni Allah." Nagsabi siya: ***"Gayon din ang limang pagdarasal; pinapawi ni Allah sa pamamagitan ng mga ito ang mga pagkakasala at ang mga pagkakamali."***

2. Ang pagdalo sa S̲alāh sa Jumu'ah. Nagsabi ang Sugo (SAS):

**من توضأ فأحسن الوضوء، ثم أتى الجمعة فاستمع وأنصت، غفر له ما بينه وبين الجمعة الأخرى وزيادة ثلاثة أيام... رواه مسلم.**

***"Ang sinumang magsagawa ng wud̲ū' at pinaganda niya ang pagsasagawa ng wud̲ū', pagkatapos ay dumalo sa Jumu'ah at nakikinig at nanahimik,***

***patatawarin siya sa mga kasalanang nagawa sa pagitan ng [Jumu'ah na] ito at Jumu'ah na darating at karagdagang tatlong araw."*** (Isinalaysay ito ni Imām Muslim.)

3. Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadān. Nagsabi ang Sugo (SAS):

**من صام رمضان إيمانا واحتسابا، غفر له ما تقدم من ذنبه.** متفق عليه.

***"Ang sinumang mag-ayuno sa buwan ng Ramadān na may pananamplataya at pag-asang pagpapalain, patatawarin ang nauna mula sa pagkakasala niya."*** Isinalaysay ito nina Imām al-Bukhārī at Imām Muslim.

4. Ang pagsasagawa ng Hajj. Nagsabi ang Sugo (SAS):

**من حج فلم يرفث ولم يفسق رجع من ذنوبه كيوم ولدته أمه.** متفق عليه.

***"Ang sinumang magsagawa ng Hajj at hindi gumawa ng kahalayan at hindi sumuway, babalik mula sa mga pagkakasala niya gaya ng araw na isinilang siya ng ina niya."*** Isinalaysay ito nina Imām Mālik at Imām al-Bayhaqī.

5. Ang pag-aayuno sa araw ng 'Arafah. Nagsabi ang Sugo (SAS):

**صوم يوم عرفة يكفر السنة الماضية والباقية.** رواه أحمد.

***"Ang pag-aayuno sa araw ng 'Arafah ay nagbabayad-sala sa taon na nagdaan at nalalabi."*** (Isinalaysay ito ni Imām Ahmad.)

6. Ang mga kasawian at ang mga sakit. Nagsabi ang Sugo (SAS):

**ما يصيب المسلم من نصب ولا وصب ولاهم ولاحزن ولا أذى ولا غم حتى الشوكة يشاكها إلا كفر الله بها من خطاياه.** رواه البخاري

***"Walang dumadapo sa isang Muslim na pagod, ni karamdaman, ni pagkabagabag, ni kalungkutan, ni kapinsalaan, ni lumbay, pati na ang tinik na ikinatitinik niya, nang hindi pinapawi ni Allah sa pamamagitan niyon ang ilan sa mga pagkakamali niya."*** Isinalaysay ito nina Imām al-Bukhārī at Imām Muslim.

Nagsabi pa ang Sugo (SAS):

**من يرد الله خيرا يصب منه.**

***"Ang sinumang pagnaisan ni Allah ng mabuti ay palalasapin ng kasawian mula sa Kanya."*** Isinalaysay ito ni Imām al-Bukhārī.

7. Ang paghingi ng kapatawaran. Isa sa napakalaking dahilan kaya pinapawi ni Allah ang mga pagkakasala ay ang paghingi ng kapatawaran. Nagsabi si Allah (8:33):

﴿وما كان الله معذبهم وهم يستغفرون﴾ (الأنفال:٣٣)

**"Hindi mangyayari na si Allah ay magpaparusa sa kanila habang sila ay humihingi ng kapatawaran."**

Nagsabi naman ang Sugo (SAS):

**طوبى لمن وجد في صحيفته استغفارا كثيرا.** رواه ابن ماجه و البيهقي

***"Pagpapala sa sinumang makatagpo sa talaan [ng mga gawa] niya ng maraming paghingi ng tawad."*** Isinalaysay ito nina Imām Ibnu Mājah at Imām al-Bayhaqī.

## Mga Tanong at mga Sagot

**1. Tanong:** Ibig kong magbalik-loob subalit ang mga pagkakasala ko ay lubhang marami at hindi ko alam kung patatawarin pa ba ako ni Allah sa lahat ng nagawa ko sa loob ng nagdaang mga taon?

**Sagot:** Nagsasabi si Allah (39:53):

﴿قل يا عبادي الذين أسرفوا على أنفسهم لا تقنطوا من رحمة الله إن الله يغفر الذنوب جميعا إنه هو الغفور الرحيم﴾ (الزمر: ٥٣)

**"O mga lingkod Ko na nagmalabis laban sa mga sarili nila, huwag kayong mawalan ng pag-asa sa awa ni Allah; tunay na si Allah ay nagpapatawad sa lahat ng mga pagkakasala. Tunay na Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain."**

Nagsasabi naman si Allah Hadīth Qudsī:

يا ابن آدم إنك ما دعوتني ورجوتني، غفرت لك على ما كان منك ولا أبالي؛ يا ابن آدم لو بلغت ذنوبك عنان السماء ثم استغفرتني، غفرت لك ولا أبالي؛ يا ابن آدم لو أنك أتيتني بقراب الأرض خطايا ثم لقيتني لا تشرك بي شيئا لأتيتك بقرابها مغفرة.

***"O anak ni Adan, tunay na ikaw, habang dumadalangin ka sa Akin at umaasa ka sa Akin, ay patatawarin Ko sa anumang [pagkakasala] mula sa iyo at hindi Ko na papansinin. O anak ni Adan, kung umabot man ang mga pagkakasala mo sa mga alapaap ng kalangitan, pagkatapos ay humingi ka ng kapatawaran sa Akin, patatawarin Kita at***

***hindi Ko na papansinin. O anak ni Adan, kung ikaw man ay nagdala sa Akin ng kasinlaki ng mundo na mga kasalanan at pagkatapos ay nakatagpo mo Ako na hindi ka nagtatambal sa Akin ng anuman, talagang dadalhan kita ng kasinlaki din niyon na kapatawaran."*** Isinalaysay ito ni Imām at-Tirmidhī.

Bagkus ang biyaya ni Allah sa mga lingkod Niya ay lubhang higit na malaki pa roon sapagkat tunay na ang sinumang nagtotoo sa kanyang pagbabalik-loob, papalitan ni Allah ang nagdaang mga masamang gawa niya ng mga mabuting gawa gaya nga ng sinabi Niya (25:70):

﴿إلا من تاب وعمل عملا صالحا فأولئك يبدل الله سيئاتهم حسنات﴾ (الفرقان: ٧٠)

**"Maliban sa nagbalik-loob, sumampalataya at gumawa ng gawang matuwid sapagkat ang mga iyon ay papalitan ni Allah ang mga masamang gawa nila ng magandang gawa."**

**2. Tanong:** Ibig kong magbalik-loob subalit ang mga dating kasamahan sa kasamaan ay ayaw nila akong lubayan at nakadarama ako ng panghihina, kaya ano ang gagawin ko?

**Sagot:** Kailangan ang pagtitiyaga at ang pagpapatuloy sa pagbabalik-loob. Ito ay bahagi ng pagsubok upang makilala ang katapatan sa pagbabalik-loob sa hindi

katapatan, ngunit kailangang mag-ingat sa pagtalima sa kanila sapagkat si Allah ay nagsasabi (30:60):

﴿فاصبر إن وعد الله حق ولا يستخفنك الذين لا يوقنون﴾ (الروم:٦٠)

**"Kaya magtiis ka, tunay na ang pangako ni Allah ay totoo; at huwag ka ngang patatangay sa mga hindi nakatitiyak."**

**3. Tanong:** Ibig kong magbalik-loob subalit ang mga dati kong kaibigan ay nagbabanta sa akin na ihahayag nila sa mga tao ang mga nakahihiyang nagawa ko; mayroon silang mga litrato at mga dokumento at ako ay natatakot naman na masira ang aking reputasyon, kaya ano po ang gagawin ko?

**Sagot:** Una pigilin mo ang mga kampon ni Satanas at dapat mong malaman na ang pakana ni Satanas ay mahina. Pagkatapos ay dapat mo ring malaman na kung ikaw ay susuko sa kanila, kukuha na naman sila ng karagdagang mga patunay laban sa iyo at ikaw ang talo sa simula at katapusan. Kaya manalig ka kay Allah at sabihin mo: Sapat na sa akin si Allah at kay inam Niya na Pinananaligan. Ang Sugo ni Allah (SAS) noon, kapag may pinangangambahan siyang mga tao, ay nagsasabi siya ng ganito:

**اللهم إنا نجعلك في نحورهم، ونعوذ بك من شرورهم.** رواه أحمد وأبو داود.

**allāhumma innā naj'aluka fī nuhūrihim wa na'ūdhu bika min shurūrihim** (***O Allah, tunay na kami ay naglalagay sa Iyo sa mga leeg nila at nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga kasamaan nila.***) Isinalaysay ito nina Imām Ahmad at Imām Abū Dāwud.

Totoong ang ganitong kalagayan ay mahirap, subalit si Allah ay kasama ng mga nangingilag magkasala: hindi Niya sila iniiwan sa sandali ng pangangailangan. Kunin mo ang kuwentong ito na isang napakainam na patunay sa tulong ni Allah sa mga nangingilag magkasala. Ito ay tungkol kay Murthad ibnu Abī Murthad na isang Kasamahan ng Sugo (SAS). Itinatakas niya mula sa Makkah papuntang Madinah ang mga inaapi sa mga Muslim. Sa Makkah ay may isang babaeng nagbibili ng aliw na tinatawag na 'Unāq. Ito ay kasintahan niya noon. Minsan ay nangako siya sa isang lalaki na dadalhin niya ito sa Madīnah.

"Humayo ako hanggang sa humantong ako sa lilim ng isang pader sa isang gabing maliwanag ang buwan," sabi ni Murthad, "ngunit dumating din si 'Unāq at nakita niya ako. At nang nakalapit na siya ay nakilala niya ako."

"Tayo na, magkasama nating pagsaluhan ang gabing ito," sabi nito.

"'Unāq, ipinagbawal ni Allah ang pangangalunya," sabi ko naman.

"Mga kalalakihan, ang lalaking ito ay nagdadala ng mga bihag ninyo," sumbong nito.

"Kaya sinundan ako ng walong tao hanggang sa makarating ako sa isang yungib," sabi ni Murthad, "at pinasok ko ito at dumating sila hanggang sa tumayo sila sa tabi ng ulo ko ngunit hindi ipinahintulot ni Allah na makita nila ako. Pagkatapos ay umuwi na sila at binalikan ko naman ang kasamahan ko at dinala ko siya sa Madīnah."

Ganyan nagtatanggol si Allah sa mga mananampalataya at mga nagbabalik-loob.

Pagkatapos kung mabubunyag man ang bagay na kinatatakutan mo at mangangailangan ng paglilinaw, ipaliwanag mo ang iyong katayuan sa ibang mga tao at sabihin mong, "Oo, ako noon ay makasalanan ngunit nagbalik-loob na ako kay Allah."

Pakatandaan natin na ang tunay na kahihiyan ay ang magaganap sa harap ni Allah sa Araw ng Pagkabuhay at sa harap ng lahat ng nilikha: mga anghel, mga jinnī, at mga tao.

**4. Tanong:** Ako ay nakagagawa ng pagkakasala ngunit nagbabalik-loob ako. Pagkatapos ay napapanaigan ako ng sarili ko kaya nababalikan ko iyon! Mawawalan ba ng kabuluhan ang unang pagbabalik-loob ko at

mananatili ba sa akin ang kasalanan sa una at huling pagkakasala?

**Sagot:** Sinumang magbalik-loob mula sa pagkakasala ay tatanggapin ni Allang ang pagbabalik-loob niya. Kung muli siyang nanumbalik sa pagkakasalang iyon, siya ay magiging gaya ng isang nakagawa ng bagong pagsuway. Tungkulin niyang magbalik-loob kay Allah mula roon. Ang unang pagbabalik-loob niya ay tanggap.

**5. Tanong:** Matatanggap ba ang pagbabalik-loob mula sa isang pagkakasala samantalang ako ay nagpapatuloy pa rin sa ibang pagkakasala?

**Sagot:** Tinatanggap ba ang pagbabalik-loob mula sa isang pagkakasala kahit pa man nagpapatuloy sa ibang pagakakasala kung ito ay hindi kabilang sa mismong uri ng pagkakasalang pinagsisihan na. Halimbawa, kung nagbalik-loob kay Allah mula sa pakikinabang sa ribā ngunit hindi nagbalik-loob mula sa pag-inom ng alak, ang pagbabaik-loob niya mula sa ribā ay tanggap. Subalit ang sinumang nagbalik-loob mula sa pag-inom ng alak ngunit siya naman ay patuloy sa paggamit ng mga bawal na gamot, o nagbalik-loob mula sa panga-ngalunya sa isang babae ngunit siya naman ay patuloy sa pangangalunya sa ibang babae, ang pagbabalik-loob na ito ay hindi tanggap.

**6. Tanong:** Pinabayaan ko ang ilan sa mga pagsambang kailangang gampanan tulad ng mga pagdarasal (ṣalāh), pag-aayuno, at pagbibigay ng zakāh, kaya ano po ang gagawin ko?

**Sagot:** Tungkol naman sa pinabayaang pagdarasal, hindi kinakailangan ang pagsasagawa ng Qadā' para rito, subalit matutumbasan ito ng tapat na pagbabalik-loob, pagpapanatili nito, at ang madalas na paghingi ng kapatawaran. Harinawang si Allah ay magpatawad niyon.

Tungkol naman sa hindi pag-aayuno, kung siya ay Muslim noong hindi niya isinasagawa ang pag-aayuno, siya ay kinakailangang magsagawa ng Qadā' kalakip ng pagpapakain sa isang dukha sa bawat araw na hindi nag-ayuno.

Tungkol naman sa zakāh, kinakailangang ibigay ang hindi naibigay.

**7. Tanong:** Nagnakaw ako ng mga ari-arian mula sa mga tao at nagbabalik-loob na ako kay Allah subalit hindi ko nalalaman ang mga *address* nila?

**Sagot:** Kailangan mong hanapin sila sa abot ng iyong makakaya. Kung matatagpuan mo sila ay isauli mo ang kinuha mo sa kanila. Kapag namatay ang may-ari ng ninakaw ay ibibigay ang ninakaw (o ang kapalit) sa mga tagapagmana nito. Kung hindi mo sila natagpuan sa

kabila ng masigasig na paghahanap sa kanila, magkawanggawa ka alang-alang sa kanila at maglalayon ka ng ganito alang-alang sa kanila. At kung sila man ay mga di-Muslim, si Allah ay magbibigay sa kanila ng gantimpala sa mundo ngunit hindi Siya magbibigay sa kanila sa Kabilang-buhay.

**8. Tanong:** Nakagawa ako ng salang pangangalunya, kaya paano akong magbabalik-loob? Kung nagdalang-tao ang babae, ang batang ito ba ay maituturing na legal na anak ko?

**Sagot:** Kapag ang pangangalunya ay may pahintulot at pagsang-ayon ng babae, wala kang kinakailangang gawin kundi ang magsagawa ng pagbabalik-loob. Hindi isusunod sa apelyedo mo ang magiging anak at hindi ka inoobligang sustentuhan ang bata[2] dahil siya ay anak sa pangangalunya. Ang tulad ng batang ito ay isusunod sa apelyedo ng ina.

Hindi ipinahihintulot sa nagbabalik-loob na ito na magpakasal sa babeng ito upang pagtakpan lamang ang kahihiyan. Subalit kung nagbalik-loob ang lalaki at nagbalik-loob din ang babae nang tapat na pagbabalik-loob, walang masama na pakasalan ng lalaki ang babae matapos na wala nang laman ang sinapupunan mula sa pagdadalang-tao.

---

[2] Subalit walang masama kung magkukusang-loob na sustentuhan ito.

Subalit kung ang pangangalunya ng isang lalaki ay panggagahasa sa babae at paggamit ng dahas rito, sa ganitong kalagayan ay kinakailangan na magbigay ang lalaki sa babae ng Mahr na tulad ng ibibigay sa kanya [kung pakakasalan siya], bilang kabayaran sa ipinataw niyang pinsala sa babae, at na magbabalik-loob siya nang tapat na pagbabalik-loob kalakip ng pagpapataw sa kanya ng takdang parusa para sa pangangalunya[3] kapag nakarating ang asunto sa hukuman.

**9. Tanong:** Nakapag-asawa ako ng lalaking matuwid ngunit nakagawa ako ng mga bagay na hindi ikalulugod ni Allah bago makapag-asawa, kaya ano po ang aking gagawin?

**Sagot:** Kailangan mong magsagawa ng isang tapat na pagbabalik-loob at hindi mo kinakailangang ipabatid sa asawa mo ang ginawa mo noon.

**10. Tanong:** Ano ang kinakailangang gawin ng isang nagbabalik-loob mula sa paggawa ng kahalayan ng sodomy?

**Sagot:** Ang kinakailangang gawin ng gumagawa ng sodomy at ginagawan ng sodomy ay magsagawa ng malaking pagbabalik-loob dahil hindi niya nalalaman

---

[3] Kamatayan para sa nanggahasa kung siya ay may asawa o nagkaroon na ng asawa.

na si Allah ay nagpababa ng sari-saring parusa sa isang sambayanan gaya ng ibinaba Niya sa mga kababayan ni Lot dahil sa kasagwaan ng kanilang krimen. Ito ang mga ginawa Niya:

A. Inalis ang kanilang paningin,
B. Pagkatapos ay nagpadala sa kanila ng dagundong,
C. Pagkatapos ay hinugot ang mga tahanan nila, itinaas ang mga ito, itinaob at ibinagsak,
D. Pinaulanan sila ng mga bato na natuyong putik na pinagpatong-patong at nilipol silang lahat.

Dahil doon nagsabi ang Sugo (SAS): ***"Sinumang matagpuan ninyo na gumagawa ng ginawa ng mga kababayan ni Lot ay patayin ninyo ang gumagawa ng kahalayan at ang ginagawan ng kahalayan."*** Isinalaysay ito nina Imām Abū Dāwud, Imām at-Tirmidhī at Imām Ibnu Mājah.

Kaya naman inoobliga ang sinumang nakagawa ng tulad ng gawaing ito na magsagawa ng isang tapat na pagbabalik-loob at madalas na paghingi ng tawad kay Allah.

Sa pagwawakas, pakatandaan mo mahal na kapatid na si Allah ay higit na maawain sa mga lingkod Niya kaysa sa isang ina sa anak nito. Ang magpapakatotoo sa pagbabalik-loob niya ay tatanggapin ni Allah ang pagbabalik-loob niya. Ang pinto ng pagbabalik-loob ay nakabukas, hindi isinasara [habang may buhay pa].